# MGA BALANGKAS NG PAGPAPAKRISTAL NA PAG-AARAL
# JOB, KAWIKAAN, ECLESIASTES

## MGA SUSING PANGUNGUSAP

Ang layunin ng Diyos sa pagtutuos sa mga umiibig sa Kanya ay yaong kanilang matamo Siya nang lubusan, nilalampasan ang pagkawala ng lahat ng kanilang tinataglay maliban sa Kanya, upang Siya ay maihayag sa pamamagitan nila para sa pagsasakatuparan ng Kanyang layunin sa paglikha sa tao.

Si Job ay isang mabuting tao, inihahayag ang Kanyang sarili
sa kanyang kasakdalan, pagiging matuwid, at integridad,
subalit ang intensiyon ng Diyos ay yaong si Job ay mabawasan hanggang sa mawalang-halaga,
mapanatili sa kanyang pag-iral,
maipamahagi ang Diyos tungo sa kanya, at maging isang Diyos-tao, na inihahayag ang mga dibinong kagalingan.

Ang layunin ng Diyos sa pagtutuos sa Kanyang banal na bayan ay yaong sila ay mabasyuhan ng lahat ng bagay at tanggapin lamang ang Diyos bilang kanilang natamo; ang nais ng puso ng Diyos ay yaong kanilang matamo Siya nang lubusan bilang buhay, bilang panustos-buhay, at bilang lahat-lahat sa kanilang katauhan.

Kapag nararanasan ng pinili at tinubos na bayan ng Diyos si Kristo
bilang karunungan sa kanila mula sa Diyos at nakikibahagi at nagtatamasa sa mga kayamanan ni Kristo,
ang mga kayamanang ito ang bubuo sa kanila bilang ang ekklesia,
na sa pamamagitan nito ang maraming iba't ibang panig na karunungan ng Diyos
ay naipakikilala sa mga makaanghel na pinuno at awtoridad sa sangkalangitan.

*© 2020 Living Stream Ministry*

Mensahe Isa

## Ang Dakilang Katanungan sa Aklat ng Job at ang Dakilang Kasagutan

Babasahin sa Kasulatan: Job 1:1; 10:2b, 13; Efe. 3:9; Job 42:5-6

**I. Ang apatnapu't dalawang kapitulo sa Job ay nag-iiwan sa atin ng isang dakilang katanungan na may dalawang bahagi: Ano ang layunin ng Diyos sa Kanyang paglikha sa tao, at ano ang layunin ng Diyos sa Kanyang pagtutuos sa Kanyang piniling bayan?—1:1; 10:2b, 12-13; cf. 11:12; 13:4:**

A. Sinabi ni Job sa Diyos, "Ipaalam Mo sa akin kung bakit Mo ako kinakalaban" (10:2b); "Ikinubli Mo sa akin ang mga bagay na Iyo sa Iyong puso; / Alam ko na ito ang layunin Mo" (b. 13).

B. Nagpapahiwatig ito na si Job ay hindi makasumpong ng dahilan sa pagtrato sa kanya ng Diyos, subalit naniniwala siya na may kadahilanang nakakubli sa puso ng Diyos; ang nakakubli sa puso ng Diyos ay ang hiwaga ng mga kapanahunan—ang walang hanggang ekonomiya ng Diyos—Efe. 3:9.

**II. Ang dakilang kasagutan sa dakilang katanungang ito ay ang hiwagang nakakubli sa Diyos sa mga kapanahunan, ang walang hanggang ekonomiya ng Diyos, na siyang walang hanggang intensiyon ng Diyos kalakip ang nais ng Kanyang puso na ipamahagi ang Kanyang sarili sa Kanyang Dibinong Trinidad bilang ang Ama sa loob ng Anak sa pamamagitan ng Espiritu tungo sa Kanyang piniling bayan upang maging kanilang buhay at kalikasan nang sa gayon sila ay maging isang organismo, ang Katawan ni Kristo bilang ang bagong tao, para sa kapuspusan ng Diyos, ang kahayagan ng Diyos, na mapasusukdol sa Bagong Herusalem—1 Tim. 1:3-4; Efe. 1:22-23; 3:9, 19; Gen. 1:26; Isa. 43:7; Roma 8:29; 1 Juan 3:2:**

A. Inakala nina Job at ng kanyang mga kaibigan na ang kanyang pagdurusa ay isang bagay ng paghahatol ng Diyos; gayunpaman, ang mga pagdurusa ni Job ay hindi paghahatol ng Diyos kundi ang pag-aalis at pang-uubos ng Diyos upang matamo ng Diyos si Job nang sa gayon higit niyang matamo ang Diyos.

B. Bagaman inaalisan ng Diyos si Job, tiyak na hindi Siya galit sa kanya; ni hindi itinuring ng Diyos si Job bilang Kanyang katunggali kundi Kanyang matalik na kaibigan—Job 19:11; cf. 10:13.

C. Alam ng Diyos na pagkatapos dumaan ni Job sa isang panahon ng pagdurusa, siya ay itatayong muli ng Dibinong Trinidad upang siya ay maging ibang tao—isang bagong tao, isang bagong nilikha (Gal. 6:15), upang tuparin ang walang hanggang ekonomiya ng Diyos para sa kahayagan ng Diyos (2 Cor. 5:17); ito ang dakilang kasagutan sa dakilang katanungan sa aklat ng Job.

D. Sa ating pagbabasa ng Biblia, kailangan nating ituon ang ating pansin sa walang hanggang ekonomiya ng Diyos para sa dibinong pamamahagi; malibang malaman natin ang ekonomiya ng Diyos, hindi natin mauunawaan ang Biblia; ang intensiyon ng Diyos kay Job ay ang gawin si Job na isang tao ng Diyos, na nabubuuan ng Diyos ayon sa Kanyang dibinong ekonomiya:

1. Ang Biblia na may animnapu't anim na aklat ay para sa isang bagay lamang: ang ipamahagi ng Diyos sa loob ni Kristo sa pamamagitan ng Espiritu ang Kanyang sarili tungo sa atin upang maging ating buhay, ating kalikasan, at ating lahat-lahat nang sa gayo'y ating maipamuhay si Kristo at maihayag si Kristo; ito dapat ang maging prinsipyong namamahala sa ating buhay—Juan 10:10b; 1 Cor. 15:45b; Roma 8:2, 10, 6, 11; Fil. 1:19-21a; 2 Cor. 3:6.
2. Ang pagtutuos ng Diyos kay Job ay upang ilabas siya sa kinasasaklawan ng etika at patungo sa kinasasaklawan ng pagtatamo sa Diyos upang siya ay maibaling mula sa paghahanap ng kasakdalan sa etika tungo sa paghahanap at pagtatamo sa Diyos sa halip na anupamang bagay; ang katayuan ng tao sa harap ng Diyos ay batay sa kung gaanong Diyos ang kanyang natamo—Awit 27:8; 105:4; Fil. 3:8; Mat. 25:3-4, 9; Kaw. 23:23; Apoc. 3:18; 2 Cor. 3:18; 4:17; 1 Ped. 2:7; Dan. 5:27; 9:23; 10:11, 19.

3. Ang layunin ng Diyos sa pagtutuos sa Kanyang banal na bayan ay yaong mabasyo sila ng lahat ng bagay at matanggap lamang ang Diyos bilang kanilang natamo; ninanais Niya ang Kanyang bayan na tamuhin Siya, makibahagi sa Kanya, angkinin Siya, at tamasahin Siya nang higit at higit pa, sa halip ng lahat ng iba pang bagay, hanggang ang kanilang pagtatamasa ay umabot sa lubusang sukat upang sila ay maging ang Bagong Herusalem—Mat. 5:3; Aw. 43:4; 73:25-26; Fil. 3:8-9; Apoc. 21:2.
4. Ito ang intrinsikong kahulugan ng buong Bagong Tipan bilang ang dakilang kasagutan sa dakilang katanungan sa aklat ng Job hinggil sa layunin ng Diyos sa Kanyang paglikha sa tao at sa Kanyang pagtutuos sa Kanyang piniling bayan.

**III. Ang pangunahing suliranin ni Job ay yaong siya ay kapos sa Diyos; sa lahat ng pagtutuos ng Diyos kay Job, ang intensiyon ng Diyos ay ang bawasan si Job hanggang siya'y mawalang-halaga, subalit panatilihin siyang umiiral (2:6) upang magkaroon Siya ng panahon na ipamahagi ang Kanyang sarili tungo kay Job; ang Diyos ay nagpapahalaga lamang sa isang bagay—ang maisagawa tungo sa atin (Efe. 3:16-19):**

A. Si Job ay matuwid sa sarili (Job 6:30; 9:20; 27:5-6; 32:1), at siya ay nakontento sa kung naging ano siya (13:3; 23:3-4; 31:6), subalit hindi niya batid ang kanyang miserableng situwasyon sa harap ng Diyos (cf. Apoc. 3:16-18).

B. Ang kaluwalhatian ni Job ay ang kanyang kasakdalan at pagiging matuwid, at ang kanyang korona ay ang kanyang integridad; inalisan siya ng Diyos ng kanyang kaluwalhatian at inalis ang korona mula sa kanyang ulo (Job 19:9); ang pag-asa ni Job ay ang itayo ang "puno" ng kanyang integridad, subalit hindi hahayaan ng Diyos ang gayong puno na lumago sa loob ni Job; sa halip, binunot ng Diyos ang punong ito, ang pag-asang ito (b. 10), upang si Job ay madala tungo sa kinasasaklawan ng pagtatamo sa Diyos.

C. Ninais ng Diyos na malaman ni Job na siya ay nasa maling kinasasaklawan ng pagtatayo ng kanyang sarili bilang isang tao sa lumang nilikha sa kanyang kasakdalan, pagiging matuwid, at integridad; niluwalhati ni Job ang kanyang sarili sa mga bagay na ito, subalit itinuring ng Diyos ang mga ito bilang mga paggambala na dapat alisin upang matanggap ni Job ang Diyos sa Kanyang kalikasan, buhay, elemento, at esensiya at sa gayon ay metabolikong matransporma upang maging isang Diyos-tao, isang tao sa bagong nilikha na naghahayag sa Diyos at ibinabahagi Siya sa iba—2 Cor. 3:18; 1 Ped. 4:10; Efe. 3:2.

D. Ang intensiyon ng Diyos kay Job ay ang wasakin ang natural na Job sa kanyang kasakdalan at pagiging matuwid upang maitayo Niya ang pinabagong Job sa kalikasan at mga katangian ng Diyos; winawasak ng pagdidisiplina ng Espiritu Santo ang ating natural na katauhan upang bumuo ng isang pinabagong katauhan—2 Cor. 4:16-18; Roma 8:28-29.

E. Ang gawain ng Espiritu sa loob natin ay ang bumuo ng isang bagong katauhan para sa atin, samantalang ang gawain ng Espiritu sa labas ay ang wasakin ang bawat aspekto ng ating natural na katauhan sa pamamagitan ng ating kapaligiran; dapat tayong makipagtulungan sa gumagawang Espiritu at tanggapin ang kapaligiran na isinaayos ng Diyos para sa atin—Fil. 4:12; Efe. 3:1; 4:1; 6:20; 1 Cor. 7:24.

F. Ang pangunahing layunin ng pagdurusa sa sansinukob na ito, partikular na kaugnay sa mga anak ng Diyos, ay yaong sa pamamagitan nito ang mismong kalikasan ng Diyos ay maisagawa tungo sa kalikasan ng tao upang matamo ng tao ang Diyos nang lubusan—2 Cor. 1:8-9; 4:16:

1. Habang makagagawa ang Diyos na buháy ng maraming gawain alang-alang sa tao, ang buhay at kalikasan ng Diyos na buháy ay hindi naisasagawa tungo sa tao; kapag ang Diyos ng pagkabuhay na muli ay gumagawa, ang Kanyang buhay at kalikasan ay naisasagawa tungo sa tao—b. 16.
2. Ang Diyos ay hindi gumagawa upang ipakilala ang Kanyang kalakasan sa panlabas na gawain kundi gumagawa upang ipamahagi at isagawa ang Kanyang sarili tungo sa tao; ginagamit ng

Diyos ang kapaligiran upang isagawa ang Kanyang buhay at kalikasan tungo sa atin—Gal. 4:19; 2 Cor. 4:7-12; 1 Tes. 3:3; Juan 16:33.

3. Upang makapamuhay sa pagkabuhay na muli at mabuuan ng Diyos ng pagkabuhay na muli, dapat tayong maiwangis sa larawan ni Kristo bilang ang panganay na Anak ng Diyos sa pamamagitan ng "lahat ng bagay"—Roma 8:28-29; Heb. 12:10; cf. Jer. 48:11.
4. Kapag tayo ay nasa gitna ng mga pagdurusa, maaari tayong magreklamo sa Diyos, subalit ang ating pagrereklamo ay maaaring ang pinakamainam na panalangin, ang pinakakaaya-ayang panalangin sa Diyos; habang tayo ay nagrereklamo, ang Diyos ay nagagalak sapagkat sinasanhi Niya ang lahat ng bagay na magkakalakip na gumawa sa ikabubuti upang tayo ay maiwangis sa larawan ng Kanyang panganay na Anak—cf. Awit 102, pamagat.

**IV. Ang pagkilos ng Tres-unong Diyos na gawing Diyos ang tao para sa pagsasakatuparan ng Kanyang ekonomiya upang mataglay ang Kanyang sama-samang kahayagan ay lubusang nasa pinaghalong espiritu, ang dibinong Espiritu na naihalong kaisa ng ating pantaong espiritu—1 Cor. 6:17; Apoc. 1:10; 4:2; 17:3; 21:10; cf. Job 12:10; 32:8:**

A. Sa ating buhay-Kristiyano dapat tayong mamuhay sa pamamagitan ng Espiritu at lumakad sa pamamagitan ng Espiritu; dapat nating gawin ang lahat ng bagay at maging lahat ng bagay sa pamamagitan ng Espiritu, kasama ng Espiritu, sa loob ng Espiritu, at sa pamamagitan ng Espiritu; kaya, kailangan nating pangalagaan ang ating espiritu, ginagawa ang lahat ng bagay sa pamamagitan ng pag-eensayo ng ating espiritu upang maranasan ang dibinong Espiritu na nabubuhay sa loob natin, gumagawa ng Kanyang tahanan sa loob natin, at nagtatransporma sa atin—Gal. 5:16, 25; Fil. 3:3; Roma 8:4, 6; 2 Cor. 2:12-14; Mal. 2:15-16.

B. Hindi tayo dapat kumilos nang hiwalay sa nagpapaloob ng lahat na Espiritu; hindi natin dapat harapin ang anumang sitwasyon o tugunan ang anumang pangangailangan nang hiwalay sa Espiritu; dapat tayong matutong hipuin ang dibinong Espiritu sa ating espiritu; ito ang intrinsikong kahulugan ng buhay-Kristiyano at ng gawaing Kristiyano para sa pagsasakatuparan ng ekonomiya ng Diyos—Zac. 4:6; 2 Cor. 3:3, 6; Roma 1:9; 7:6; Fil. 3:3.

C. Ang maging isang Kristiyano at isang mandaraig ay hindi lamang mahirap—ito ay imposible; tanging ang naproseso at napasukdol na Tres-unong Diyos na nabubuhay sa loob natin bilang ang nagpapaloob ng lahat na Espiritu sa ating espiritu ang maaaring maging isang Kristiyano at isang mandaraig—Luc. 1:37-38a; 2 Cor. 4:13; Roma 8:2.

D. Hangga't ginagawa natin ang lahat ng bagay ayon sa Espiritu, mararanasan natin ang pagkakatawang-tao, pantaong pamumuhay, kamatayan, pagkabuhay na muli, at pag-akyat sa langit ni Kristo kalakip ang pagbubuhos ng Espiritu; ito ang magsasanhi sa atin na maging ang ekklesia ng Diyos, ang Katawan ni Kristo, ang bagong tao, at ang puno ng ubas at ang mga sanga bilang ang organismo ng Tres-unong Diyos, na mapasusukdol sa Bagong Herusalem—Fil. 1:19; Joel 2:28-32; Gawa 2:16-21; Efe. 1:22-23; 2:15; 4:4, 23-24; Juan 15:1-11; Apoc. 3:12; 19:7-9; 21:2, 10.

**V. Sa pagpapakita ng Diyos sa kanya, nakita ni Job ang Diyos, tinatamo ang Diyos sa kanyang personal na karanasan at kinasusuklaman ang kanyang sarili—Job 38:1-3; 42:1-6:**

A. Ngayon ang ating Diyos ay ang nagpapaloob ng lahat na Espiritu bilang ang pagpapasukdol ng naproseso at napasukdol na Tres-unong Diyos; ang Diyos na ating tinitingnan ngayon ay ang napasukdol na Espiritu, at maaari natin Siyang tingnan sa ating espiritu—2 Cor. 2:10; 2 Tim. 4:22:

1. Nakikita natin ang Diyos upang tayo ay mabuuan ng Diyos; ang pagkakita sa Diyos ang nagtatransporma sa atin, at ang pagkakita sa Diyos ay katumbas ng pagtatamo sa Diyos—2 Cor. 3:16, 18; Mat. 5:8; Apoc. 22:4.
2. Lalo nating nakikita ang Diyos at iniibig ang Diyos, lalo nating itinatatwa ang ating sarili at kinamumuhian ang ating sarili—Job 42:5-6; Isa. 6:5; Luc. 14:26.

B. Upang makita ang Diyos, dapat nating ensayuhin ang ating espiritu—Efe. 1:17-18; 3:16-17; 1 Cor. 2:9-16; 2 Cor. 4:13; 1 Tim. 4:7; 2 Tim. 1:6-7:
   1. Lalo tayong tumitingin sa Kanya sa ating espiritu, lalo nating natatanggap ang lahat ng Kanyang sangkap tungo sa ating katauhan bilang ating panloob na tustos—2 Cor. 3:16-18.
   2. Sa gitna ng ating mga paghihirap, dapat tayong makinig sa ating espiritu, kinukuha ang Panginoon bilang ating pinananahanang lugar, ang ating lihim ng kasapatan—2:13; 7:5-6; Mal. 2:15-16; Awit 91:1; Fil. 4:11-13; Awit 90:1-12; 31:20; Isa. 32:2.

C. Upang makita ang Diyos, dapat nating tuusin ang ating puso—2 Cor. 3:16, 18; Mat. 5:8; 13:18-23:
   1. Dapat tayong mapabago sa espiritu ng ating kaisipan sa pagiging nabuuang-muli ng banal na salita ng Diyos upang matagubilinan, mapamahalaan, mapamunuan, at makontrol ng salita ng Diyos—Efe. 4:23; Deut. 17:18-20; Fil. 2:2, 5.
   2. Dapat tayong mapagningas ng pag-ibig ng Panginoon, nagtataglay ng damdaming napunuan Niya bilang ating kasigasigan para sa Kanyang bahay—1:8; 2 Cor. 5:14; 2 Tim. 1:6-7; Juan 2:17; Marc. 12:30.
   3. Dapat masupil ni Kristo ang ating pagpapasya at matransporma ni Kristo sa pamamagitan ng mga pagdurusa upang ito ay magpasakop sa pagkaulo ni Kristo (Fil. 2:13; cf. A. A. 4:1, 4; 7:4a, 5), at dapat nating panatilihin ang isang mabuti at dalisay na budhi sa pamamagitan ng walang kasing halaga, naglilinis, at nagpapadalisay na dugo ni Kristo (Gawa 24:16; 1 Tim. 3:9; Heb. 9:14; 10:22).

**VI. Ang layunin ng Diyos sa pagtutuos sa mga umiibig sa Kanya ay yaong kanilang matamo Siya nang lubusan, nilalampasan ang pagkawala ng lahat ng mayroon sila maliban sa Kanya (Fil. 3:7-8), upang Siya ay maihayag sa pamamagitan nila para sa pagsasakatuparan ng Kanyang layunin sa paglikha sa tao (Gen. 1:26).**

*© 2020 Living Stream Ministry*